

1

Habang lulan si Erika ng eroplano pauwi sa Pilipinas hanggang sa makalapag iyon at makalabas siya ng airport ay hindi siya tinantanan ng mga alaala ng kahapon—ang mga pangyayaring ni minsan ay hindi naalis sa kanyang isipan kahit may sampung taon na ang nakakaraan.

Nasa malalim siyang pagmumuni-muni nang lapitan ng isang lalaking may dala ng kanyang litrato.

“Mawalang-galang na ho, kayo ho ba si Erika Castro?” anito habang matamang nakatingin sa kanya.

Bahagya pa siyang napakislot sa biglang pagsulpot nito. “Oo, bakit?” pagkuwa’y tanong niya.

“Ako ho si Emong, ang driver ng papa n’yo. Pinasundo ho kayo sa akin,” anito.

Kumunot ang noo ng dalaga. “Bakit, nasaan sila?”

“May pinuntahan ho yatang birthday party.”

Gumuhit sa mukha niya ang pagkainis. “Sige, isakay mo na ang luggage ko sa likod para makauwi

na tayo,” utos niya.

Isang maleta at isang handcarry bag lang ang dala ni Erika dahil wala siyang balak na magtagal ng Pilipinas.

Hindi pa sila gaanong nalalayo nang muli siyang magtanong; may hinanakit sa kanyang tinig. “Sino ba ang may birthday? Ba’t mukhang napakahalaga niya at hindi na nila ako nakuhang sunduin?”

“Si Kring-Kring ho,” tugon ng driver.

Nag-isip siya; wala siyang nalalaman na Kring-Kring na pangalan sa mga anak ng kanyang kapatid. “Sino iyon?” nabubugnot niyang tanong.

“Anak ho ni Kuya Dennis,” walang malisya nitong tugon.

“Dennis? Sinong Dennis?”

“Dennis Villanueva ho.”

Natigilan si Erika; bigla siyang nanahimik. *May anak na pala siya, aniya sa sarili.*

Hindi na siya kumibo. Sinikap niyang alisin sa kanyang isipan ang hinanakit, panghihinayang at pagsisisi.

Wala ang mga magulang ni Erika nang dumating siya sa bahay. Iniwan lang niya ang kanyang mga bagahe sa sala at tumungo sa kuwarto para mahiga. Kalahating oras ang lumipas nang maramdaman niyang may nakatayo sa tabi ng kama. Pilit niyang iminulat ang mga mata. “M-Mama, Papa,” bati niya.

“Welcome home, Hija,” ani Mrs. Castro at saka siya hinalikan.

Bumangon ang dalaga pero nanatili siyang nakaupo sa ibabaw ng kama.

“Pasensya ka na, Hija, kung hindi kami nakasama sa pagsundo sa iyo. Naglambing kasi si Kring-Kring,” sabi ni Mr. Castro. “Birthday niya kasi, at parang apo na rin namin iyon.”

Tumango lang siya pero hindi nakatingin sa mga ito.

Nahalata ng dalawang matanda ang pananahimik niya. “Hija, may problema ba?” may pag-aalalang tanong ng kanyang mama.

“Ha? W-wala ho. Medyo pagod lang ako at para pa akong nahihilo,” sagot niya na pinilit pasiglahin ang tinig pero ang totoo, nagtatampo siya sa mga ito.

“Gusto mo ng gamot?” salo ng papa niya.

Umiling siya. “No, okay lang ito. Ipapahinga ko lang ito at mawawala na sigurado,” tugon niya.

“Bueno, iwan ka na muna namin. Magpahinga ka nang husto,” malambing na sabi ni Mrs. Castro.

“Siya, sige, magpahinga ka na,” segunda ng ama.

Tumango lang ang dalaga at saka na siya iniwan ng dalawang matanda. Nang mapag-isa ay muli siyang nahiga. At sa pagkakataong iyon, kaagad na siyang nakatulog.

Kinabukasan na ng umaga nagising si Erika. Pagkatapos maligo at mag-ayos ng sarili ay lumabas na siya sa kanyang kuwarto na may dalang sigarilyo. Sa komedor ay nakita niya ang mga magulang na kasalukuyang nag-aalmusal.

“Gising ka na pala, Hija. Halika, maupo ka na’t nang makapag-almusal ka,” yaya ng mama niya.

Pagkatapos halikan ang dalawang matanda ay humila siya ng isang silya at naupo pero panay pa rin ang hitit-buga sa kanyang sigarilyo.

Nagkatinginan ang mga magulang niya; hindi dating naninigarilyo ang anak nila.

“Hija, hindi ka pa man nag-aalmusal ay naninigarilyo ka na?” puna ng ama.

Paiwas na bumuga ng usok ang dalaga, at saka pinakawalan ang isang matipid na ngiti. “Believe it or not, ito ang almusal ko at isang tasang kape lang,” may pagmamalaking tugon niya at saka sinenyasan ang katulong na bigyan siya ng kape at ashtray.

Muling nagkatinginan ang matatanda, parehong hindi makapaniwala. “No wonder biglang nahulog iyang katawan mo, dahil diyan sa bisyo mo,” sabi ni Mr. Castro.

Tinawanan lang niya ito at saka naiiling na pinatay ang sigarilyo sa ashtray.

“Alam mong hindi maganda ang paninigarilyo, Anak. Bakit—”

“Ma, Pa, tuwing umaga lang kung manigarilyo ako kaya hindi ko pa matatawag na bisyo ito,” katuwiran niya at saka ininom ang kanyang kape.

Nagkatinginan muli ang dalawa at napailing. Ano pa nga ba ang magagawa nila? Ever since naman, lahat ng gusto ng dalaga ang siyang nasusunod. Spoiled siya noong maliit pa kaya lumaki siyang matigas ang ulo.

Matalino si Erika. Second year college na siya sa *UST* nang maisipan niyang sa ibang bansa na lang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral ng Pediatric Medicine. Komo hindi naman sila ganoon kayaman, ang ginawa niya ay nag-apply siya ng scholarship at sinuwerteng natanggap. Nakatapos siya with honors at kaagad nakapagtrabaho sa isang malaking ospital sa L.A. Ngayon lang siya muling bumalik sa kanila, after ten long years.

“Kagabi dumating ang kuya at ang Ate Sarah mo, kasama ang dalawa mong pamangkin. Kaso, tulog na tulog ka kaya hindi ka na namin ginising,” ani Mrs. Castro.

“Tutal naman, magkikita-kita kayo mamayang hapon,” salo ni Mr. Castro.

Nagkibit-balikat lang siya at saka muling uminom ng kape.

“Talaga bang hindi ka kakain, kahit tinapay man lang?” usisa ng ina niya.

“Okay na ang kape sa akin kapag ganitong oras. Pero mamayang alas diez ay kakain ako ng kahit na anong prutas,” tugon niya.

Naiiling na nagkatinginan na naman ang dalawang matanda. Talagang naninibago sila sa

kanilang anak.

“By the way, Ma, Pa, anong oras nga pala ang kasal n’yo?”

“Four o’clock, nang sa gayon hindi masyadong gabihin ang reception; nakakahiya naman sa mga bisita.”

Ang okasyong iyon ang dahilan kung bakit nagbalik-bayan si Erika. Ika-thirtieth wedding anniversary ng mga magulang niya at napagkasunduan nilang magkapatid na muling humarap sa altar ang mga ito. Komo maganda na pareho ang buhay nila ng kuya niya, naghati sila sa gastos.

Ang kanyang Kuya Edmond at asawa nito ang tatayong secondary sponsors at ang mga anak ng mga ito ang flower girl at ring bearer. Siya naman ang tatayong maid of honor pero ang hindi niya alam ay kung sino ang best man.

“Nakalimutan kong itanong noong tumawag kayo sa akin; sino ba ang ka-partner ko?” tanong niya.

Muli na namang nagkatinginan ang dalawang matanda, pagkuwa’y nagturuan pa kung sino ang sasagot.

Natawa siya. “Ano ba ang nangyayari sa inyo?”

Ba't nagtuturuan pa kayo?"

"Ah, eh, si... Dennis," medyo nag-aalangang tugon ng ina niya.

"Si Dennis?"

Tumango ang dalawa. "Alam mo kasi, Hija, iyang si Dennis ay malapit sa amin, para na nga namin siyang kapamilya. At saka mabait naman siya, kung kaya't—"

Itinaas niya nang bahagya ang kanyang mga kamay para tumigil sa pagpapaliwanag ang ina. "Ma, wala akong pakialam kung mabait siya o kung malapit siya sa inyo. Ang sa akin lang nama'y bakit siya? May pinsan naman ako diyan na puwedeng tumayong best man."

"Pero, Hija—"

"Okay, okay. Forget it, nandiyan na iyan. Wala na akong magagawa pa," tila nanlalatang sabi niya.

Kunsabagay, bakit siya maiilang na makasama ang lalaki? Mayroon ba siyang dapat ikahiya o ikatakot? Naisip niya, dapat maging maganda siya sa paghaharap nila. Kailangang makita ng lahat na masaya siya at hindi nagsisisi sa kanyang pananatili sa ibang bansa....

2

“Pambihira! Akala mo kung sinong artista ang hinihintay natin,” napipikang bulong ni Erika sa kaibigan.

Bahagyang natawa si Ivy sa tinuran niya. “Cool ka lang, okay? Baka masira pa ’yang makeup mo sa sobrang inis,” pabirong sabi nito.

Lalo siyang sumimangot. Kahit kailan ay hindi siya nasanay na pinaghihintay. Pasado alas cuatro na at kompleto na ang buong entourage maliban na lang sa kanyang kapareha.

Ilang saglit pa ay isang *Pajero* ang huminto sa gawing tagiliran ng simbahan.

“Here he is—the man of the hour,” pabulong na sabi ni Ivy.

Kunot ang noo na napatingin si Erika sa kaibigan pero tinaasan lang siya nito ng kilay na tila nanunukso. Bigla niyang binalingan ang padating na lalaki. At hindi siya makapaniwala sa nakikita!

Hindi niya ito hiniwalayan ng tingin hanggang nang kausapin nito ang kanyang mga magulang

at naulinigan niyang humihingi ito ng dispensa sa pagkakaantala ng kasal.

Mabilis niyang ibinaling ang tingin sa loob ng simbahan nang makitang papalapit na sa kanyang puwesto ang lalaki.

Ayaw niyang maging bastos kaya kahit pahapyaw ay tiningnan niya ito na noon ay luminya na rin. Hindi niya inaasahan na nakatingin na pala ito sa kanya kaya matagal na nagtama ang kanilang mga mata.

“Hi,” bati ni Dennis na bahagyang nakangiti.

“H-hi,” tugon niya na pilit ang ngiti. Inaasahan kasi niya na mababasa sa mga mata ng lalaki ang eagerness sa muli nilang pagkikita pero nagkamali siya. Kahit binati at nginitian siya ay para pa ring blangko ang ekspresyon ng mukha nito.

Nagsimula nang lumakad ang lahat patungong altar. Ang lahat ng mga babae ay nakakapit sa bisig ng mga lalaking kapareha nila maliban kay Erika. Parang hindi niya ma-take na hawakan si Dennis pagkatapos makita ang parang walang-ganang ekspresyon nito.

Nagsimula ang misa pero wala roon ang isipan ng dalaga. Hindi niya magawang iwaksi sa kanyang isipan si Dennis. Napakalaki ng ipinagbago nito. Mula sa pagiging lousy nitong manamit ay napaka-smart

na nito ngayon. Dati ay isa itong patpatin, ngayon ay machung-macho na ang dating. Lahat ng negative traits nito ay pawang nagbago hindi lang for good kundi for the better which she can hardly believe.

Natapos ang misa pero wala siyang natandaan sa mga sinabi ng pari. Picture-taking na pero wala pa rin siya sa sarili. Hindi niya alam kung bakit hindi niya magawang iwaksi ang lalaki sa kanyang isipan.

Sa reception ay magkatabi sila pero ni hindi man lang siya kinausap nito. Madalas pa nitong kinakausap ang kanyang Kuya Edmond at hipag niya kahit na nakapagitan siya sa mga ito.

Pagkatapos kumain ay nagpaalam na ito sa matatanda at saka iniabot ang regalo sa mga ito habang nakamasid lang siya. No doubt, talagang kasundo ng kanyang mga magulang si Dennis lalo at narinig niya kung paano mag-usap ang mga ito.

“Paano, Tito, Tita, mauuna na ho ako. Baka magwala na naman si Kring-Kring kapag hindi ako dumating kaagad,” anito.

“Siya, sige, Hijo, lumakad ka na. Naiintindihan namin iyon,” sagot ni Mr. Castro.

“Salamat sa regalo mo, Hijo,” sabi naman ni Mrs. Castro.

“Wala ho iyon. Basta mag-enjoy na lang kayo kapag nandoon na kayo,” tugon nito.

Humalik pa ito sa matandang babae bago tuluyang umalis. Ngunit ni hindi man lang nito nagawang magpaalam sa kanya kahit pakunwari lang.

Unti-unting nakadama ng inis si Erika. Hindi siya dapat ipagwalang-bahala ng lalaki; hindi ang tulad niya! Pero sa kabilang banda, parang puzzle sa kanya ang pagiging malamig nito.

Natapos ang reception at nakauwi na sila sa bahay pero nakakaramdam pa rin siya ng inis. Gusto tuloy niyang sumbatan ang mga magulang at kapatid kung bakit isinama-sama pa nila si Dennis sa entourage. Lalo siyang nainis nang masayang pag-usapan ng mga ito ang regalo ng lalaki.

“Talagang tinotoo niya ang kanyang pangako na ticket patungong Hongkong ang regalo niya sa inyo,” anang kuya niya.

“Kilala mo naman iyon; kapag sinabi niya, gagawin niya,” komento ng papa niya.

“Pero parang ayaw kong pumunta ng Hongkong,” sabi ng kanyang mama.

“Bakit naman ho, Ma? Paminsan-minsan lang naman iyang opportunity na iyan,” komento ni Sarah, ang hipag niya.

Pakiramdam ni Erika ay hindi siya kabilang sa usapan kaya tumayo na siya at naglakad patungo sa kanyang kuwarto.

“O, Sis, saan ka pupunta?” puna ni Edmond.

Bumuntunghininga siya. “Magpapahinga na, tatal parang hindi naman ako kasali sa pinag-uusapan n’yo,” aniya na parang napipika at saka nagpatuloy sa paglalakad.

Nagkatinginan ang mga magulang at kapatid niya; hindi siya maintindihan ng mga ito. Maraming pagbabago kay Erika na labis nilang ipinagtataka. Dati-rati ay suplada lang siya at prangka, ngayon ay higit pa; madali siyang mairita at masungit pa.

Inalis ni Erika ang kanyang makeup bago nahiga. Gusto niyang makatulog dahil pakiramdam niya ay puyat pa rin siya pero ayaw siyang dalawin ng antok. Paulit-ulit na bumabalik sa kanyang alaala ang kakisigan ni Dennis.

Isang eksena ng kahapon ang biglang nag-

flashback sa kanya. Iyon ay noong makipag-break siya rito....

“Erika, please, huwag mong gawin sa akin ito. Mahal kita at ang lahat ng gusto mo’y gagawin ko,” nagsusumamong sabi ni Dennis.

Pero parang bato ang dalaga. “Kung mahal mo ako, hindi mo dapat pinag-interesang puwesto ko. Hindi ikaw ang dapat na naging valedictorian kundi ako! Dahil noon pa, ako na ang may hawak niyon,” nagngangalit niyang tugon.

“Pero wala naman akong magagawa kung iyon ang nangyari, Erika. Alam mo at alam ng lahat, na deserved ko ang place na iyon,” paliwanag nito.

“Then, wala na akong magagawa pa. I want you out of my life,” matigas niyang tugon.

Iyon ang huli nilang pag-uusap. Kahit ano ang gawin ni Dennis ay hindi niya ito pinapansin. Hindi niya ito binigyan ng ikalawang pagkakataon. Simula noon ay para na silang magkalabang mortal pero hindi nagpatalo ang lalaki. Hindi ito nagparaya kahit pa sabihing iyon lang ang magiging daan para muli

silang magkabalikan ni Erika.

Dahil hindi matanggap ng dalaga na pumapangalawa lang siya sa lalaki ay nagdesisyon siyang magtungo sa ibang bansa at doon na mag-aral. Pero ang masakit, hindi niya natakasan ang alaala ng dating nobyo.

Nasa ganoong pagmumuni-muni si Erika nang kumatok sa pinto ang kanyang ina. Pumasok ito nang patuluyin niya. Bumangon siya nang malapit na ito pero nanatili siyang nakaupo sa ibabaw ng kama.

Ipinatong niya ang baba sa kanyang mga tuhod at niyakap ang mga binti. Naupo sa kanyang tabi ang ina.

“Umalis na ang mga kuya mo. Hindi na sila nagpaalam at baka natutulog ka na raw,” bungad nito.

Hindi siya sumagot, nagkibit-balikat lang.

“May problema ba?” tanong nito.

Napatingin siya rito. “W-wala ho,” aniya na siya namang totoo. Dahil kung mayroon man, siya lang ang may likha niyon.

“Galit ka pa ba kay Dennis, Hija?”

Matagal bago siya nakasagot. “Hindi ho,”

pagkuwa'y tugon niya.

Totoo ang kanyang sinabi, wala siyang dahilan para magalit sa lalaki. Mananatili siyang sinungaling kapag sinabi niyang galit siya rito, gayong ang totoo, nagsisisi siya kung bakit naging narrow-minded siya noon.

“Kung hindi, bakit malamig pa rin ang pagtanggap mo sa kanya?” pangungulit ng ina.

Napapikit siya; parang gusto na niyang mapikon. Inalis niya ang pagkakayakap sa kanyang mga binti; tumayo siya, kumuha ng sigarilyo sa ibabaw ng tokador at sinindihaan iyon. Humitit siya nang ilang beses bago muling hinarap ang ina.

“Hindi ako, Ma, kundi siya. Nakita n’yo siguro kanina na halos hindi niya ako kinakausap, as if I didn’t exist. Nakikipagkuwento siya kina Kuya at Ate kahit nakapagitan ako sa kanila,” inis niyang sabi.

Tinitigan siya ng ina; tumayo ito at lumapit sa kanya. “Marahil ay nag-aalala siyang baka hindi mo pansinin kung ipipilit niyang makipag-usap sa iyo.”

Tinapunan niya ito ng tingin at pagkatapos ay humitit ng sigarilyo nang ilang beses. Marahil ay totoo nga ang palagay nito—nag-aalanganin si Dennis na kausapin siya dahil sa mga ginawa nito

noon sa kanya.

“Ayaw mo bang tumuloy kami ng papa mo sa Hongkong?” pagkuwa’y tanong ng mama niya.

Natawa siya. “Bakit naman? Sayang naman iyong regalo n’yo kung hindi n’yo gagamitin. At saka minsan lang iyon, Ma, kaya samantalain n’yo na. Actually, kung hindi kayo binigyan ni Dennis ng ticket, balak ko rin kayong bigyan. Since mayroon na kayo, pocket money na lang ang akin,” nakangiting sabi niya.

Noon lang ngumiti ang matanda. Ang akala kasi nito ay hindi nagustuhan ng anak ang regalong ibinigay ng lalaki sa kanila. “O, paano, iwan na kita’t nang makapagpahinga ka na,” anito.

Tumango siya. “Good night,” aniya at saka ito hinalikan.

Nang mapag-isa si Erika, gusto niyang maiyak. Kailan niya malilimutan ang kasawian ng kanyang puso na siya na rin ang may likha?

Ang buong akala niya, sa kanyang pag-uwi ay hindi na muling magkukrus ang landas nila ni Dennis para kahit papaano ay hindi na mananariwa ang sugat sa kanyang puso. Nagkamali siya. Sana ay hindi na lang siya umuwi, naisip niya, nang hindi na niya maranasan pa ang panibagong sakit ng damdamin.

3

Habang nasa Hongkong ang mga magulang ni Erika ay namamasyal siya at lumalabas kung gabi kasama si Ivy. Nang araw na iyon ay galing sila sa shopping mall nang mapadaan sila sa Gil Puyat Avenue.

Ipinarada ni Ivy ang dalang kotse sa tapat ng isang building. “Alam mo ba kung kanino iyan?” tanong nito.

Umiling siya habang nakatingin sa building. Sa pagkakaintindi niya ay car dealership ang nature ng business doon dahil pawang mga kotse ang naka-display.

“Sa kanya iyan—kay Dennis.”

Napatingin siya sa kaibigan at pagkatapos ay muling tiningnan ang building.

“Iyan ang main office niya. Ang branch niya ay nasa Manila; doon nagtatrabaho ang Kuya Edmond mo,” kuwento pa nito.

Kunot-noo siyang napatingin dito. “H-hindi ko alam iyon, ah? Wala silang nababanggit sa akin,” tila nagdaramdam niyang sabi.

Tumaas ang kilay nito. “Baka inaalala lang nila na baka kung malaman mo’y magalit ka.”

“Ba’t naman ako magagalit? Basta ba hindi sila inaagrabyado, walang problema,” aniya. Totoong wala siyang dahilan para magalit pero naghihinanakit siya dahil para sa kanya, hindi dapat naging malapit ang kanyang pamilya sa lalaki. Tuloy ay lalo siyang nahihirapang kalimutan ito.

“Tungkol sa bagay na iyan, makakatiyak kang hindi. Ang balita ko nga’y magandang magpasuweldo si Dennis at marami pang benefits. Alam mo, napakasuwerte ng taong ’yon. Hindi nga namin lubos-maisip kung ano ang ginawa niya ba’t bigla siyang yumaman,” komento ng kaibigan.

“What do you mean?” kunot-noong tanong niya.

Humarap si Ivy sa kanya na para bang may naglalarong kung anong bagay sa isipan. “Alam mo, after graduation ay nawala ng dalawang taon si Dennis at nang bumalik, ibang-iba na siya—mayaman na at may anak pa. And you know what? Naging bulung-bulungan noon na nakapag-asawa raw siya ng super yaman na matandang dalaga at namatay daw ito sa panganganak.”

“Posible ba iyon? Knowing Dennis, he’s not that

kind of man.... Hindi siya papatol sa babae nang dahil lang sa pera,” aniya.

Lalong tumaas ang kilay ni Ivy. “Well, iyon nama’y haka-haka lang,” anito na tila naghuhugas ng kamay.

Muling napatingin si Erika sa dako ng building. Napasandal siya sa upuan nang makitang lumalabas si Dennis sa malaking pinto. May kasama itong babae.

“Uh-oh!” tila nanunuksong bulalas ni Ivy nang makitang nag-iba ang anyo niya.

“Sino siya?” tanong niya na ang tinutukoy ay ang kasamang babae ni Dennis.

“She’s Dr. Jane Velez, ang doktor ng kanyang anak at napapabalitang girlfriend niya ngayon.”

“Doktor?”

“Yeah, gaya mo. Ang anak ni Dennis ay isang special child; hindi siya makalakad at hindi makapagsalita, hanggang sa hawakan nga ng doktor na iyan ang kaso ng bata. Simula noon, kahit papaano nakakapagsalita at nakakalakad na ito,” paliwanag nito.

Hindi pala masasabing masuwerte ang lalaki dahil ang magkaroon ng isang anak na tulad ni Kring-Kring ay maituturing na isang kabiguan, iyon

ang nabuo sa isip ng dalaga. Maiinggit na sana siya sa kapalaran ng lalaki pero hindi pala dapat.

“Tena, umalis na tayo dito,” mayamaya ay yaya niya nang hindi na makatiis sa kanyang nakikita. Masayang nag-uusap si Dennis at ang doktora habang pasakay ang mga ito sa *Pajero* ng una.

Nagkibit-balikat ang kaibigan at saka na pinaandar ang kotse. Habang tumatakbo ang sasakyan ay biglang nanahimik si Erika.

“Okay ka lang?” puna ni Ivy.

Tinapunan lang niya ito ng tingin at pagkatapos ay ibinaling na ang paningin sa kanilang dinaraan.

“Come on, I know something is wrong. Ba’t hindi mo i-share sa akin?”

Umiling siya pero may namuong luha sa kanyang mga mata at hindi iyon nalingid sa kaibigan.

Napabuntunghininga at napailing ito. “You still love him, don’t you?”

Inilapat niya ang likod sa upuan at saka pumikit. Tuluyan nang tumulo ang kanyang mga luha.

Nataranta si Ivy; hindi ito sanay na makita ang kaibigan na umiiyak. Naghanap ito ng mapaparadahan

at huminto muna sila roon para makapag-usap nang mahusay. Matagal bago ito nakakuha ng tiyempo.

“I’m sorry kung medyo nasira ko ang mood mo. Hindi kita dapat dinala doon at hindi ko dapat ikinuwento ang—”

“No, I’m okay now. Hindi ko lang mapigilan ang sarili ko,” putol niya habang pinupunasan ang pisngi. “Oras na siguro para magising ako sa katotohanan; ayoko nang magsinungaling sa sarili ko. After all these years, alam mo ba, nandito pa rin siya,” aniya, sabay turo sa kanyang puso.

Hindi ito makapaniwala sa ikinumpisal niya. “Ganoon pala, ba’t mo pinapahirapan ang sarili mo?”

“Pride—iyon lang naman ang dahilan kung bakit pumunta ako sa L.A. Nang ma-realize ko na mali ang naging desisyon kong makipag-break sa kanya, huli na’t hindi ko na iyon magawang bawiin. Hindi ko na magawang sumuko kaya nag-decide akong umalis na lang na ang intention ay ang makalimot.... But I failed, dahil walang sandali na hindi ko siya naiisip; walang oras na hindi ko naalala ang mga masasayang bagay na pinagsaluhan namin noon.

“Sa palagay mo ba, ano’ng dahilan kung bakit nag-stay ako nang matagal doon at hindi ako umuwi

kung hindi pa sa anniversary nina Mama't Papa? Dahil natatakot akong magkita kaming muli at ipamukha niya sa akin na nagkamali ako ng desisyon," maluha-luha niyang kuwento.

"P-pero hindi makatuwiran na parusahan mo ang sarili mo nang ganyan. Look, single si Dennis ngayon. Ba't di ka gumawa ng move para magkalapit kayong muli? Malay mo, naghihintay lang siya," payo nito.

Natawa siya nang bahagya. "I don't think I can do that."

"Pero, Erika, hanggang kailan ka mabubuhay sa nakaraan? Kung hindi mo magagawa iyon, then forget him," napipikang sabi nito.

Hindi siya umimik. Naisip niyang siguro nga kung binigyan lang niya ang sarili ng pagkakataon para makalimot, marahil ay hindi na siya bitter ngayon. Marahil, kahit magkasalubong man sila ni Dennis ay taas-noo na siyang titingin dito.

Nang hindi siya kumibo pa ay pinaandar nang muli ni Ivy ang kotse at saka na siya inihatid sa bahay. Hindi na ito bumaba dahil nagmamadali itong makauwi dahil baka hinahanap na raw ito ng sariling pamilya.

Nabigla pa si Erika nang salubungin siya ng mga

pamangkin.

“Kanina pa ba kayo? Sinong kasama n’yo?”
tanong niya matapos halikan ang mga bata.

“Si Mommy po at si Daddy,” tugon ni Jeff-Jeff.

“Nasa loob ba sila?”

“Opo,” sabay na sagot ng dalawa.

Pumasok ang tatlo sa loob ng bahay.

“Mabuti’t dumating ka na,” ani Edmond.

“Bakit, may problema ba?” takang tanong niya.

“Wala. Isasama ka lang namin ng Ate Sarah mo dahil may ticket kami para sa ballroom dancing mamayang gabi. Kaysa naman sa magmukmok ka diyan, sumama ka na lang sa amin,” anito.

“Ballroom dancing?”

“Iyon ang uso ngayon, hindi na disco,” sabad ni Sarah.

“P-pero hindi ako marunong niyan,” tugon niya.

“Hindi problema iyon, may D.I. naman. Siya na ang bahala sa iyo,” tugon ng kuya niya.

“D.I.?”

“Dance instructor,” ani Sarah.

Saglit na natigilan ang dalaga. Pagkuwa’y, “No, kayo na lang. Iwan n’yo na lang sa akin ang mga bata para makapaglaro kami.”

“Oh, come on! Paminsan-minsan lang ito; halika na’t magbihis ka na,” pilit ng hipag niya.

“Pero—”

Inakbayan siya ng kuya niya at saka dinala sa kanyang kuwarto. “Sige na, magbihis ka na. And please, formal dress ang isuot mo,” nakangiting sabi nito.

Walang nagawa si Erika kundi pagbigyan ang mag-asawa. Pinoproblema tuloy niya ang isusuot. Iilan lang ang damit na dala niya at halos pantalon pa ang mga ito kaya napilitan siyang isuot ang kaisa-isang dalang bestida.

“Ba’t ganyan ang suot mo? Paano ka makakasayaw niyan kung ganyan kasikip ang damit mo?” reklamo ng hipag niya nang makita siya.

“Bakit? Nakakasiguro ba kayong sasayaw ako?” napipika niyang tugon.

“Buena, mabuti pa’y dumaan na lang tayo sa *Rustan’s* at bibili tayo ng damit mo. Tatal, maaga pa

naman,” sabad ni Edmond.

“Pero, Kuya—”

“Tayo na,” anito, sabay hatak sa kanya patungo sa kotse.

Dumaan nga ang tatlo sa *Rustan’s* para ibili ng maisusuot si Erika. Dahil pihikan siya, natagalan sila sa pagpili.

Pasado alas nueve na nang makarating sila sa lugar na pinagdarausan ng ballroom dancing. Halos puno na ang hall; marami na ang mga nagsasayaw pero hindi sila nag-alala dahil may D.I. naman silang nakontrata.

Sinalubong sila ng host at ipinakilala ng mag-asawa rito si Erika. Pagkatapos ng kaunting kuwentuhan ay naupo na sila sa kanilang mesa. Nanood muna sila ng ilang minuto bago nila naisipang sumayaw. Kahit ano ang pilit sa kanya nina Edmond at Sarah ay hindi siya nahikayat na mauna.

“Sige, kayo na muna; manonood na lang ako,” aniya.

Papunta na sana sa dance floor ang mag-asawa kasama ang kanilang D.I. nang dumating si Dennis.

“O, Pare, ba’t nag-iisa ka? Nasa’n si Jane?” tanong ni Edmond.

“Nagkaroon ng emergency call sa ospital kaya pinauna na niya ako. Ayoko na nga sanang tumuloy kaso baka naghihintay kayo,” tugon ni Dennis.

Umismid si Erika. *Mabuti pa nga sigurong hindi ka na dumating*, inis niyang sabi sa isip.

“Paano, gusto mo bang maunang magsayaw?” tanong ni Edmond sa lalaki.

“No, no, kayo na muna. Magpapahinga muna ako,” anito na humila ng upuan at umupo.

“Sige, maiwan muna namin kayo,” ani Sarah.

Naiwan sina Erika at Dennis na parang naghihintayan kung sino sa kanila ang unang magsasalita.

Dinukot ng dalaga sa bag niya ang cigarette case, humugot ng isang sigarilyo at sinindihaan iyon.

“Naninigarilyo ka na rin pala?” hindi nakatiis na komento ni Dennis.

Ibinuga muna niya ang usok bago sumagot. “May mga bagay na dapat matutunan dahil kailangan,” malamig niyang tugon.

“Ewan ko lang, maybe I’m not in the right position to say this, dahil ikaw ang doktor, but you know that smoking is not good for you.”

Natigilan siya. Matagal niyang tinitigan ang lalaki, nagbabakasakaling makita sa mukha nito ang concern kaya nito nasabi ang bagay na iyon pero blangko ang ekspresyon nito.

Hitit-buga ang ginawa niya; parang gusto niya itong makitang mainis pero bigo na naman siya.

“How long do you plan to stay?” tanong nito.

“Three to four weeks; depende sa mood ko,” aniya na hindi man lang nakatingin dito.

“How come hindi ka pa nag-aasawa?” tanong ulit nito.

Tinapunan niya ito ng tingin. “I can live without a man,” pormal niyang tugon.

Napatiim-bagang si Dennis; pakiramdam nito ay umandar na naman ang pagkaarogante ng dalaga. “What a pity! Hindi mo mararanasan kailanman ang tamis ng nagmamahal at minamahal,” sarkastikong sabi nito.

Nasaktan siya; gusto niya itong patulan pero nagpigil siya. “I beg to disagree. Hindi lang

pagmamahal sa opposite sex ang nakakapagpaligaya sa isang tao. May mga bagay kang ginagawa dahil iyon ang gusto mo at doon ka maligaya,” katuwiran niya pero sa iba ang nasasaloob. *Alam mong nagmahal na ako minsan, Dennis. At ang masakit ay patuloy akong nagmamahal, gayong may iba ka na.*

Matagal na nagkatinginan ang dalawa pero hindi nakayanan ni Erika ang tila apoy na titig ng lalaki. Nagbaba siya ng tingin at pagkuwa’y nagsindi ng panibagong sigarilyo.

“Puwede ba, tigilan mo na iyang paninigarilyo kahit ngayon lang,” pormal na sabi nito.

“This is a free country kaya puwede kong gawin ang anumang gusto ko,” nagpipigil niyang tugon.

“Kung hindi nakakaapekto sa kalusugan ng ibang tao, oo. Pero sa ginagawa mong iyan, indirectly, nakakaperhuwiso ka ng iba,” katuwiran nito.

Pinili niyang manahimik dahil iniwasan niyang mag-create ng gulo.

Siya namang paglapit ng kuya at hipag niya na pinipilit silang magsayaw. “Kayo naman,” sabi ni Edmond.

“Mabuti pa siguro, kami na lang ni Erika ang

magpa-partner, kahit paano nama'y marunong na akong sumayaw," pagyayabang ni Dennis.

Gusto niyang tumanggi pero wala siyang nagawa nang kunin ng lalaki ang kanyang kamay at dalhin siya sa dance floor.

Hindi sanay sa mga ganoong sayaw si Erika pero nakuha niyang umindak dahil marunong magdala ang lalaki. Nonstop ang ginawa nilang pagsasayaw; may mga oras na nagtatama ang kanilang mga mata pero nauuna siyang umiwas. Hanggang sa maramdaman niya ang pagod kaya nagyaya siyang maupo pero hindi siya pinansin nito.

"Please, maupo muna tayo, puwede?" nagpipigil niyang sabi.

Natigilan ito at tinitigan siya sa mga mata. "Did I hear you right? Did you say 'please?'" parang nakakalokong tugon nito.

Alam niyang sinasadya nitong mang-inis kaya hindi na lang siya nagkomento.

"Kung mayroon man palang magandang bagay na nangyari sa iyo sa L.A., iyon ay dahil natuto kang magsabi ng 'please,'" makahulugang sabi nito.

Hinalbot niya ang kamay na hawak nito at

dumeretso na siya sa kanyang upuan. Uminom siya nang uminom; pakiramdam niya ay na-dehydrate siya. Sinisisi niya ang sarili kung bakit hindi niya magawang ipahiya ang lalaki; kung bakit hindi niya magawang lumaban gayong tinitira na nito ang kanyang ego.

Hanggang sa umuwi sila ay hindi na muling nagsayaw ang dalawa. May mga sandaling nag-uusap sila pero pawang may hinanakit sa mga salitang lumalabas sa kanilang mga labi. Alam ni Erika, dama niya, hindi pa hilom ang sugat na nilikha niya sa puso ni Dennis.